# 1

Ipinarada ni Kendra ang kanyang itim na *Hummer H3* malapit sa gate ng malaking bahay ng kanyang paternal grandparents. At gaya ng kanyang inaasahan, ang lahat ng taong nasa front lawn ay napalingon sa kanyang grand entrance.

She smiled at herself. Kahit kailan, hindi talaga siya pumapalya sa pagsindak sa kanyang mga kamag-anak. Whether sa side ng kanyang papa na si Edgardo o sa side man ng kanyang namayapang inang si Diana.

Nakita niyang mabilis na tumayo ang kanyang ama mula sa mesang kinaroroonan nito. Sasalubungin yata siya.

"Ang sinabi ko sa 'yo sa telepono, family reunion ang pagtitipon na dadaluhan mo dito, hindi… costume party," mariing bungad nito.

Napabuga siya ng hangin. *Sinasabi na nga ba!*

"Bakit ganyan ang hitsura mo?" sita pa nito.

"What's wrong with it?" painosente niyang tanong.

Sadyang ginulo niya ang kanyang buhok gamit ang wax at nagsusumigaw na purple ang eyeshadow niya, plum naman ang lipstick. She was wearing a pair of black skinny jeans, purple vintage tee and a black vest. Purple and black din ang kulay ng kanyang *Vans* skate shoes. Kung tutuusin, tamed na ito kumpara sa mga regular niyang isinusuot. Buti nga hindi tastas ang mga tuhod ng pantalon niya ngayon o hindi iyong leather tight jeans ang suot niya o iyong shirt niyang may skull print.

At buti nga, hindi siya nagsuot ng anumang accessories ngayon. Balak nga niyang pagpatung-patungin sa leeg ang mga bagong products nilang ibebenta sa *Phoenix*, iyong black onyx and agate bead necklaces. Pag-aari niya ang *Phoenix* na matatagpuan sa *SM Mall of Asia*. Isa iyong shop na nagpu-provide ng tattoo and body-piercing services. Nagbebenta rin sila ng mga damit, sapatos at accessories na pang-emo o goth.

OA lang naman lagi ang papa niya!

Nasulyapan niyang nagsitaasan ang mga kilay ng karamihan sa mga babaeng kamag-anak niya. Gusto niyang matawa nang malakas. Kung mayroong mas out of place ang suot, sila iyon!

There was her Aunt Sally na kuntodo wide-

brimmed hat pa. Nasa loob naman ito ng malaking gazebo. Ang pinsan niyang si Precious ay nakasuot ng scarf. Nilalamig ba ito sa tanghaling-tapat o may itinatago lang itong kulugo sa leeg? The same with Precious' sister Sugar, long-sleeved turtleneck ang get-up nito. Naka-boots naman ng hanggang tuhod ang isa pa niyang pinsan na si Missy. Bakit, may forecast ba ang *PAGASA* na magkakaroon na ng snow sa Pilipinas?

"Kendra, ilang beses ko bang sasabihin sa 'yo na ayus-ayusin mo ang hitsura mo pag nakikipagkita tayo sa mga kamag-anak ko?" Napuna nito ang left wrist niya. "At ano 'yang ipininta mo sa sarili mo?"

"It's a tribal design," sagot niya. "What's wrong? Maganda naman ang pagkakapinta, ah." Siya mismo ang nagpinta niyon gamit ang henna. Marunong siyang gumuhit. Halos lahat ng tattoo designs ng *Phoenix* ay gawa niya.

"You're asking me what's wrong?" balik nito. "Everything about you is wrong, Kendra! Ang henna sa kamay mo, ang suot mo, ang sandamakmak na mga hikaw mo, ang mga kuko mong parang nangamatay lahat dahil sa itim na pintura!" angil nito.

Para may tig-tatlong silver hoops and studs lang naman ang magkabilang tainga niya, ano ang

masama roon? Buti nga hindi niya sinuot ang isang maliit na hikaw sa ilong niya! At anong nangamatay na mga kuko? African plum ang kulay ng nail polish niya, that was just it!

"Hanggang ngayon pa ba'y nasa rebel phase ka pa? Aba'y hindi ka na teenager, Kendra!" sermon pa nito.

She rolled her eyes. Ilang beses ba niyang sasabihin na hindi siya kailanman nagrebelde? Nagsusuot siya ng type niyang outfits dahil gusto niyang suotin ang mga iyon at hindi para inisin ang ibang tao! Why couldn't they just get it?

"Pa, tutuloy pa ba ako sa reunion na ito o magdedebate pa tayo tungkol sa hitsura ko?" banas niyang hirit, lalong naningkit ang singkit nang mga mata niya.

She knew that going to this stupid reunion was a bad idea. Hah! Family reunion daw. Kahit kailan hindi kaya siya naging family sa either side ng parents niya. They all frowned at her, looked down at her as if isa siyang nilalang na galing sa ibang planeta. All because she refused to act and dress up like the rest of them. She always hated anything that was typical.

"Sige na, magmano ka na sa lolo't lola mo doon,"

anang ama.

Napangiwi siya. Bakit pa kailangang i-remind pati ang pagbibigay-galang sa matatanda? Fine, weird nga siguro siyang manamit, mahilig sa rock music—rockista, actually, since she sang and played the guitar in a girl band when she was in college, fan ng *Twilight* series, frustrated artist—marunong siyang magpinta at mag-sketch, hindi niya lang masyadong sineryoso—and well, prangkang magsalita, but goodness, hindi siya bastos. Pinurga siya ng payo tungkol sa kagandahang-asal ng kanyang ina bago ito namatay sa vehicular accident when she was only fifteen years old. At hanggang ngayon ay dala-dala pa rin niya ang lahat ng mga pangaral nito.

Her mother was the only soul on earth na nakakaintindi sa kanya. Kinukunsinti nito noon ang anumang weird na isusuot niya. Ini-encourage din siya nito na ipagpatuloy ang pagguhit at pagkanta. Well, actually, mayroon pang isang taong nakakasakay sa kalukringan niya, ang kanyang kaibigang si January. Everybody else considered her as an outcast. Like she cared!

She couldn't wait until this stupid party was over. She always hated family gatherings. Paano, kahit minsan, hindi niya naramdamang kabilang siya sa

Madrigal-Navarro clan. Kahit ang mga kamag-anak ng mama niya ay hindi siya gusto. Masyado kasi silang istrikto at makaluma. Arranged marriage nga ang nangyari sa kanyang mga magulang. Sometimes she wondered kung natutunan nga bang mahalin ng mga ito ang isa't isa in the course of their marriage, sa kabila ng mga palagiang pag-aaway ng mga ito. She never asked. Or she was just afraid to ask.

Dahil ayaw niyang isipin na bunga lamang pala siya ng dalawang taong napilitang makisama sa isa't isa.

---

Hindi pa natatapos ang party ay walang paalam na umalis si Kendra mula sa bahay ng kanyang lolo at lola. Why bother to say goodbye, anyway? Wala namang pakialam sa kanya ang lahat ng mga taong nandoon.

Nagtuloy siya sa *Phoenix* at umupo sa reception desk. She always wanted to greet her clients na karamihan ay mga kabataan. Mga kabataang 'emo' raw—mahihilig sa goth outfits and accessories, hardcore rock music na malulungkot o hopeless ang message, vampire flicks at *Chuck Taylors*.

Napangiti siya at napailing habang sinusundan

ng tingin ang dalawang kabataang babaeng naglalaro sa sixteen hanggang eighteen ang edad habang kinikilig sa poster ni *Edward Cullen* na ibinebenta nila. They were both dressed up in black outfits, may green streak ang bangs ng isa. Ang isa naman ay nakasuot ng t-shirt na may tatak na 'emo chick'.

Nang itayo niya ang shop pagkatapos ng college ay wala siyang ideya kung ano ba ang emo-emo na iyan.

Eventually, she came to learn about it noong binansagan ng kabataang suki niya na 'emo shop' daw ang *Phoenix*. Natawa na lamang siya.

Alas ocho ng gabi nang isara na niya ang shop upang umuwi sa kanyang bahay. Habang nakatigil ang sasakyan dahil sa traffic, may pumukaw sa pansin niya.

Iyon ay isang maganda at modernong building. The façade was thick blue-green glass at may revolving door. Napatingala siya sa logo niyon. Pamilyar sa kanya. Three flowers of cherry blossoms at ang *kanji* niyon. Sa ibaba ng logo ay nakasulat sa malalaking titik ang *Sakura Realty*.

Napaigtad siya nang bumusina ang kotse sa kanyang likuran. Green light na pala.

At dahil gutom na siya masyado upang magluto pa ng dinner, nag-drive thru na lamang siya sa *McDonald's*.

"Home sweet home..." bati niya sa sarili pagkapasok sa loob ng kanyang di-kalakihang bahay.

Kakain siyang mag-isa, manonood ng TV, maybe maglalaro nang kaunti ng *Wii,* surf the internet for news around the world… Ganoon lagi ang routine niya sa bahay, boring. Pero active naman ang lifestyle niya sa labas. Member siya ng *Polaris*, isang magandang sports club kung saan siya madalas mag-wall climbing, swimming at maglaro ng tennis o badminton. Enjoy rin siya sa pagta-travel kahit nag-iisa lamang siya.

Nang makapagpalit ng pantulog ay binuksan niya ang drawer ng bedside table, inilabas doon ang isang puting panyo na bigay sa kanya ng mama niya bago ito namatay nang maaksidente ang minamaneho nitong kotse, may bahid pa iyon ng dugo.

She saw her mother died in the hospital. Parang hinintay lamang nito ang pagdating niya roon bago tuluyang nalagutan ng hininga. It could've been a traumatic experience for other young girls her age. Pero lalo lamang nagpalakas ng kanyang loob ang karanasan niyang iyon. Her mother's death brought

her a new perspective in life.

Na hindi dapat sinasayang ang buhay— to take time to enjoy it and bask in its glory.

But it also left her with a large chunk of emptiness deep inside her. Parang may napakalaking kakulangan sa kanyang buhay. Kakulangang hindi niya alam kung mapupunan pa. Ngunit patuloy pa rin siya sa pakikibaka sa buhay. Hindi siya kailanman nagalit sa mundo. Hindi niya kailanman hinanap sa ibang tao ang pagpuno sa kakulangang iyon sa kanyang pagkatao. She never asked for anybody's attention nor love. Sanay siyang mag-isa. She was nobody's girl.

Masusi niyang tinitigan ang panyo, sa burda niyon.

It was three pale pink cherry blossoms at ang *kanji* niyon. Pareho sa logo ng building ng *Sakura Realty.*

# 2

“Two months?” nanlalaki ang mga matang naibulalas ni Traven pagkarinig sa sinabi ni Kaede, ang kaibigan niya at president ng *Sakura Realty* kung saan siya ang chief executive officer. “Ano na lang ang gagawin ko sa loob ng dalawang buwan?”

Tumawa ang kausap. Iniikot nito ng three hundred sixty degrees ang kinauupuang swivel chair sa likod ng malaking mesa habang nakanganga siyang nakaupo sa harapan nito.

“Kung ibang employee lang ang binigyan ko ng two months’ vacation with pay, papalakpak pati tenga ng mga iyon.”

“Well, I’m not prepared for this, Kaede.” Bakit ba siya pinagbabakasyon nito? At dalawang buwan pa!

“At kailan ka magiging prepared?” seryosong tanong nito. “Mula nang magtrabaho ka kay Papa ay hindi ka na nagpahinga. Kahit weekend at nasa bahay ka ay trabaho pa rin ang inaatupag mo. It’s about time for you to have a break, man. Go somewhere, take a cruise or something. Go on a date. For Christ’s sake, si Rianne lang yata ang kilala kong huli mong

ka-date."

Si Rianne ay best friend ng asawa ni Kaede na si Malaya. A drop-dead gorgeous girl, he would say, and he was extremely attracted to her. They went on several dates together, casual dates na hindi nauwi sa romansa dahil alam nila pareho na may ibang laman ang puso ng babae. Si Casper, ang kapwa beterinaryo nito at co-owner sa *Fauna*, isang animal clinic. Ikinasal na ang mga ito noong nagdaang buwan at siya ang kinuhang best man.

*Best man*. Ito rin ang role niya sa kasal ni Kaede ilang buwan na ang nakalipas. Iyon na lang yata ang magiging role niya sa mga wedding entourage. He would never be a groom. Yeah, right. Kailan ba sumagi sa isip niya ang mag-asawa? Wala ito sa mga plano niya. At least, wala pa.

"This is a forced leave, Traven," ani Kaede. "And I mean it, seriously. Huwag kang mag-uuwi ng mga paperwork. Wala kang gagawin kundi ang magpahinga."

"Yes, Boss," natatawang sabi niya. "Just give me some ample time para isaayos ang mga maiiwan ko sa opisina."

"Gaano katagal?"

Nagkibit-balikat siya. "I'm not sure. Maraming dapat ayusin, Kaede. You know I can't just leave work like that."

"Magagaling ang mga tauhan mo, lalo na si Newton na assistant mo."

"I know that."

"All right."

Driving his black *Audi A6*, matamang nag-iisip si Traven ng mga pupuwede niyang pagkaabalahan habang nakabakasyon. Cruise nga kaya? Pero magmumukha siyang timang dahil nag-iisa lamang siya sa biyahe. Cruises were meant to be romantic, to be spent with a girl. Gagala sa labas, maybe try new sport or balikan ang skydiving sa *Gemini Airfield*? Hindi enjoy kung mag-isa lamang siya. Hindi niya pupuwedeng yayain si Kaede dahil buntis na ang misis nito at medyo maselan ang lagay. Mas lalong hindi puwede si Casper dahil nasa honeymoon pa ito kasama ang asawa. Once in a blue moon naman kung magkaroon ng libreng oras ang isa pa niyang kaibigang si Riley.

Ah, matutulog na lamang siya buong magdamag at maghapon! Yes, precious sleep. Kailan na ba siya huling natulog nang straight eight hours? Or, hell,

even six?

Since college ay four hours max na lang yata ang naitutulog niya bawat gabi. His mind was always awake. Nagpaplano ng mga susunod niyang gagawin the following day, or week, or month. Well, he just liked everything to be in proper order. He had lived a topsy-turvy life after his parents died at ngayong nakamtan na niya ang inaasam na kaginhawaan sa buhay, gusto niyang maayos ang lahat at naaayon sa kagustuhan niya.

---

Naka-program na siguro sa isip at katawan ni Traven na magising bago alas cuatro ng umaga. Heto at first day ng kanyang two-month leave ay nagising siya nang saktong three forty ng madaling-araw. Sa walang puknat na kakukulit sa kanya ni Kaede na magbakasyon, pumayag na rin siya. Actually, hindi lang kumbinsi ang ginawa sa kanya ng kaibigan. Tinakot siya nitong ipa-padlock ang opisina niya kung hindi pa siya pumayag. So he did. Inayos niya ang dapat ayusin, katakot-takot na bilin ang iniwan sa kanyang mga tauhan, lalo na sa assistant at secretary.

Napatingin siya sa malaking unan na katabi. Kailan na nga ba iyong huling gabing natulog siya na may katabing babae sa kama? Ah, hindi pa pala

nangyayari iyon. Dahil kung mayroon man siyang nakakasiping ay kaagad din silang naghihiwalay bago matapos ang gabi. At hindi madalas mangyari iyon. He seldom went on a date at kung mayroon man siyang babaeng nakaka-dinner date nang madalas, iyon ay either kliyente ng *Sakura Realty* o investor.

Naiiling na bumaba siya mula sa kanyang kama at nagtuloy sa kusina upang mag-brew ng kape. Dala-dala ang tasa ay bumalik siya sa kanyang kuwarto at umupo sa mesa roon saka binuksan ang laptop.

He sighed. Kahit kailan yata, hindi na niya maiaalis sa sarili ang magtrabaho. He had been working since he was on his own at age sixteen. He practically supported himself in college by working as a bartender at night. Malaking tulong din noon ang pagkakaroon niya ng scholarship sa universidad na pinasukan kung saan siya nagtapos ng Business Administration. He later on got his MA degree while working as an executive assistant to the owner and president of *Sakura Realty*, the late Tetsuo Takamura. Pinalitan niya noon sa pagiging chief executive officer ang anak nitong si Kaede nang ito na ang naging presidente.

Nang namatay si Tetsuo dahil sa heart attack, hindi niya inaasahang nasa last will and testament ng

matanda na mapapasakanya ang twenty percent ng *Sakura Realty*. The old man was indeed like a father to him at dama pa rin niyang minahal siya nito gaya ng isang tunay na anak. Malapit din sa kanya si Kaede, para na silang magkapatid kung magturingan. The Takamuras were his only family.

Maaga siyang naulila. Namatay ang ina niya sa pagsilang sa kanya and his father died in his sleep when he was only ten. Hindi siya isang kapamilya na itinuring ng kanyang tiyuhin na siyang naging guardian niya. Winaldas nito lahat ang perang iniwan ng mga magulang para sa kanya. At hindi rin maganda ang trato nito sa kanya. Kaya nang magtapos siya ng high school, nagpasya siyang mamuhay nang mag-isa.

He looked around his huge neat bedroom. Parang kailan lang noong nagtitiis siya sa maliit na kuwartong bigay sa kanya ng tiyo niya, at sa maliit na boarding house na nilipatan niya noong magsolo siya. At sa silong ng tulay nang palayasin siya ng landlady niya dahil wala siyang pambayad sa upa. Now, he's got a huge house of his own, a master's bedroom with an enormous walk-in closet packed with designer's clothes and shoes, a swimming pool, outdoor jacuzzi, two cars… *and a partridge in a pear tree*.

Tinawagan ni Traven ang cellphone ni Kaede; naka-activate iyon sa international roaming. Balita sa kanya ng secretary niya kaninang tumawag siya sa opisina ay nagpunta ng Japan ang kaibigan dahil sa emergency.

"Kaede, what's wrong? Ano'ng ginagawa mo diyan?"

"I'm in Nagoya. Naaksidente si Uncle Daisuke.

Tinawagan ako ng ospital pati na ni Auntie Haruko sa Hawaii."

Si Daisuke Takamura ang bunsong kapatid ng namayapang ama ni Kaede. Half-Japanese, half-Filipino ito ngunit hindi katulad ni Tetsuo, mas niyayakap nito ang kulturang Hapon.

"Is he all right?" nag-aalalang tanong niya. Kilala niya si Uncle Daisuke. Dalawang beses na siyang isinama sa Nagoya ni Tetsuo. Malamig ang personalidad nito ngunit mabait ito sa kanya. Uncle Daisuke even once told him how he admired the way he handled the hard times of his life.

Narinig niyang nagbuga ng hangin ang kausap bago sumagot. "He suffered a head injury. He's…

he's in coma."

"God!" usal niya. "A-ano'ng sabi ng doctor?"

"Madami pang tests na kailangang i-conduct, masyado pa raw maaga para magbigay sila ng kanilang final diagnosis. I have to go home soon, Traven. Gusto kong hanapin si Diana Navarro."

"Diana?"

"I found her photo from Uncle Daisuke's wallet. Nakasulat sa likod niyon ang pangalang Diana Navarro at isang address. I remember him telling me once na umibig siya noon sa isang Pilipina, ngunit ayaw sa kanya ng pamilya nito. He left her and just when he thought na kaya na niyang ipaglaban ang babae, it was too late, nagpakasal na ito sa ibang lalaki."

"Geez."

"He never stopped loving her, Traven. Sinabi niya iyon sa akin at iyon ang nagtulak sa akin noon upang huwag sumuko sa damdamin ko kay Malaya."

"So, you think the Diana in the picture was the same girl na iniibig ng uncle mo?

"Yes. At hahanapin ko siya at isasama dito sa Nagoya para makita si Uncle Daisuke habang may

buhay pa siya. Kahit man lang sa huling sandali'y makadaupang-palad niya ito muli."

"Kaede!" bulalas niya. "Bakit ba parang nawawalan ka na ng pag-asa? Gigising din ang uncle mo," pagpapalakas niya ng loob sa kaibigan.

Natahimik ito saglit. "Inihahanda ko lang ang sarili ko, Traven. Alam mo kung gaano kasakit sa akin ang biglaang pagkamatay noon ni Papa," pagkuwan ay sabi nito, mahahalatang pinapatatag ang boses.

"I understand. Kelan ka uuwi dito kung ganoon?"

"I'm not sure. Ayokong iwanan dito si Uncle nang mag-isa. Next week pa paparito sina Auntie Haruko galing Hawaii kasama si Akane."

Napabuntong-hininga siya. Ang hirap din pala ng nag-iisa sa buhay. Daisuke was an old bachelor na namumuhay nang mag-isa sa Nagoya. Matagal nang namayapa ang mga magulang nito at nasa Hawaii ang natitirang kapatid nito.

Ganoon pala iyon, mamamatay mag-isa. And that was giving him the creeps. Posibleng pareho sila ng kahihinatnan ni Uncle Daisuke. Nag-iisa rin siya sa buhay.

"Ako na lang ang hahanap kay Diana Navarro.

Give me her address," pasya niya.

"Traven, you're on leave. Hindi makatarungang magtrabaho ka—"

"Hindi na ito trabaho sa *Sakura Realty*, Kaede. Pamilya na ang pinag-uusapan natin dito. And you're my family. I want to help. Tutal nabuburo din lang ako dito sa bahay. Isa pa, patutulong naman ako kay Riley."

Ang kaibigan nilang si Riley Altamirano ay part-owner ng isang security and private investigation services, ang *Redux*. Ito ang inuupahan ng *Sakura Realty* kung may mga kliyente silang kailangang imbestigahan ang background.

"Okay," pagpayag ni Kaede.

# 3

Patay na si Diana Navarro. Iyon ang unang natuklasan ni Traven sa kanyang paghahanap sa babae. Ayon kay Riley, namatay ito sa isang vehicular accident ten years ago.

*What a coincidence*, he thought. Naka-coma rin si Daisuke ngayon dahil sa isang vehicular accident.

Sa records na tangan niya, may asawa at isang babaeng anak na iniwan si Diana.

"There's more to it, Traven," ani Riley.

Napakunot ang noo niya.

"Take a closer look at their pictures."

Muli niyang tiningnan ang mga larawan ng pamilya ni Diana. Morena ang babae sa picture, a typical Pinay. Ang asawa nitong si Edgardo Madrigal ay may kaitiman, pango ang ilong at malalaki ang mata. Ang anak nilang babae ay medyo maputi, singkit at may matangos ngunit maliit na ilong.

Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa mga larawan. Hindi kamukha ni Diana o ng esposo nito ang kanilang nag-iisang anak. Mukha itong Haponesa!

Kaagad niyang tinawagan si Kaede matapos ang meeting nila ni Riley.

"She has your eyes and nose, pare."

"What do you mean?" naguguluhang tanong nito.

"She could be your uncle's daughter! Ang sabi sa akin ni Riley, naipanganak ang bata eight months matapos ang kasal ng parents nito. At sinabi mo sa akin na iniwan ni Uncle Daisuke si Diana at binalikan ito after one month ngunit kasal na ito sa iba. Diana could be carrying your uncle's daughter nang magpakasal siya kay Edgardo."

"Kung ganoon ay wala tayong dapat sayanging panahon, Traven. She has to know."

---

Lunes. At ayon kay Riley, may isang shop o store na mina-manage ang anak ni Diana sa *SM Mall of Asia* so he decided to go to the mall instead of waiting for her to go home in her house.

Atubili siyang pumasok sa shop, ang *Phoenix*. Palinga-linga siya sa loob, muntik pang nakabanggaan ang isang babaeng teenager nakasuot ng t-shirt na may tatak na 'I heart vampires'. Hindi niya alam kung

kikilabutan ba o mandidiri sa nakikitang mga pictures doon ng mga taong may tattoo at body-piercing. Mga kliyente siguro, he assumed. May binebenta rin doong mga weird t-shirts. May prints ng mga rock bands, mga bungo, scorpions, spiders at horror movie characters tulad nina *Jason*, *Michael Myers* at *Freddie Krueger*. Nakatawag-pansin din sa kanya ang mga bentang accessories doon. Mga pendants, bracelets at hikaw na beads, skulls, blades, crescent moons, scorpions at ibang designs na sa wari niya ay ethnic o tribal ang origin.

He looked around for a voodoo doll or some sort dahil pakiramdam niya ay nasa isang witchcraft store din siya!

---

Kanina pa naiintriga si Kendra sa lalaking pumasok sa kanyang shop. Sinadya niyang huwag batiin o tanungin ito kung bakit napadpad doon upang libreng mapag-aralan nang palihim ang kabuuan nito.

The man, she thought, was in his early-thirties—tall, lean and slightly tanned. At guwapo. He had that kind of charming, handsome looks of a computer nerd without the thick black-rimmed glasses or a young executive without an attaché case.

Pero ano ang ginagawa ng guwapong mamang ito sa *Phoenix*? He was completely out of place! Sa suot pa lang nitong long-sleeved dark blue polo, khaki pants at makintab na black shoes, she was sure hindi ito magpapa-tattoo o magpapabutas ng tainga.

Baka naman may gustong bilhing goodies para sa younger brother o sister nito?

Hindi na siya nakatiis. “Excuse me, Sir. Can I help you?” bati niya rito mula sa reception desk.

Lumingon ito sa kanya and she couldn’t help but feel like drowning in his eyes. Maganda ang pares ng mga mata ng lalaki. They were dark like a moonless night yet they were very captivating.

“Uh, hi, good morning,” bati nito. Napakaganda rin ang timbre ng boses ng estranghero. Nakakabatubalani ang dating niyon sa tainga. “I’m here to look for the owner of this shop, Miss Kendra Madrigal,” anito, masusi siyang tinitingnan, parang kinikilala siya.

Napatda siya. Hinahanap siya nito? Bakit?

“I’m Kendra.”

Ilang saglit pang tumitig sa kanya ang lalaki. To her dark raven hair na pinagupit niya last week lang, sa mukha niyang may light makeup—dark green

eyeshadows, red wine lipstick. Mula ilong niyang may napakaliit at halos di-makitang stud ay naglakbay ang mga mata nito pababa sa leeg niyang napapaikutan ng isang leather choker na may palawit na silver triquetra, pababa pa sa suot niyang shirt na may tatak ng mask ni *Hannibal Lecter*. Hanggang nadako ang tingin nito sa isang kamay niyang nakapatong sa counter—sa midnight blue niyang nail polish at sa henna tattoo ng isang paniki sa likod ng kanyang palad.

Naiinip na si Kendra. At hindi rin niya gusto ang tila disgust na nababanaag niya sa facial expression nito. "Is there anything I can do for you, Mister?"

"O-oh." Nag-angat ito ng mukha. "I'm sorry." Inilahad nito ang kamay. "I'm Traven Ortega. And I'm here to talk to you about your mother."

"What about her? She died like more than a decade ago," kunot-noo niyang sita.

"I know, Miss Madrigal—"

"Kendra," giit niya. Although na-appreciate naman niya ang pagtawag nito sa kanya sa last name niya. Wala pang ibang taong tumawag sa kanya ng ganoon kapormal.

"Kendra." Ngumiti ito and she was instantly

enthralled. “You can call me ‘Traven’,” anito, iniabot ang kamay para makipag-handshake. Napaka-mesmerizing ng ngiti nito, abot hanggang sa mga mata na parang mga bituing nagningning sa gitna ng kadiliman ng gabi. “Can we talk this over an early lunch?” anyaya nito bago bitiwan ang kanyang kamay.

“Okay.”

Nagkasundo silang kumain sa *Highlands China Place*. At halos hindi siya makasabay sa bilis ng mga hakbang ng lalaki habang naglalakad sila patungo roon. Parang nagmamadali ito, panay rin ang pindot sa cellphone.

Nagsilingunan sa kanilang dalawa ang mga ilang customers na kumakain sa loob ng restaurant. Naiintriga siguro sa magkaibang-magkaibang get-ups nila ng kasama niyang lalaki. Gusto niya tuloy matawa. Heto at first time na may kasama siyang guy na kakain sa labas—isang guwapong guy, pero hindi naman niya ka-date.

*Date.* Hindi pa pala siya nakaka-experience ng date sa tanang buhay niya. Guys her age were not really interested in her. At kung mayroon mang nagkakakursanada sa kanya ay mga bata. Last week, niyaya siyang mag-dinner ng isang suki ng shop

niya. A seventeen years old! Napagkamalan nitong magkaedad lamang sila.

Nasa gitna sila ng pagkain nang hindi na niya napigil ang magtanong tungkol sa pakay ni Traven. At gusto niya yatang mahilo sa mga sinabi nito.

"So, you're saying that my late mother had a relationship with a Filipino-Japanese before marrying my father?" bulalas niya, pigil ang volume ng boses. Siya pa naman itong hindi nahihiyang sumigaw in public.

"Yes," sagot nito.

"W-walang nakukuwento sa akin si Mama noon."

"Maybe it was because hindi aprubado ng mga magulang niya ang pakikipagrelasyon niya sa isang may dugong Hapones. Medic noon sa Japanese army ang ama ni Daisuke at nakapag-asawa ng isang Pinay. And your maternal grandpa was an army officer in World War II, right?"

"Right." And her late grandpa hated anything that was Japanese! Nagmumura ito noon kahit makakita lang ng mga Hapon sa TV. She remembered him watching John Wayne's *Back to Bataan* movie at gigil na gigil talaga ito sa mga Hapon sa pelikulang iyon.

“How is Daisuke? Pinahanap ba niya sa ‘yo ang mother ko?”

“Naaksidente siya and he’s in coma. And I was looking for your mother in hope na madala sana siya sa Japan at makita si Uncle Daisuke. Hindi natin alam kung ano ang mangyayari sa mga susunod na araw. He may die.”

Natahimik ang dalaga.

Nang mapansin niyang masusi siyang pinag-aaralan nito sa mukha. “Did you ever wonder kung bakit hindi mo kamukha ang mga parents mo?” pagkuwan ay tanong nito.

“What do you mean?”

“I’m sorry, Kendra, but I have to be straightforward. You could be Daisuke Takamura’s daughter.”

Nag-freeze sa ere ang baso ng tubig na hawak niya upang inumin sana. Inilapag niya iyon pabalik sa mesa.

“Say that again?” aniya sa kausap.

“Malakas ang kutob kong anak ka ni Daisuke sa iyong ina.”

She pointed her forefinger in the air. “That’s…

N-no way.” Napatayo siya. “How dare you na kausapin ako tungkol sa namatay kong ina at akusahan mo akong anak niya sa labas!” malakas niyang sabi.

“Kendra, calm down,” pakiusap ni Traven.

“You’re asking me to calm down?” nanlalaki ang mga matang bulalas niya. Madali kayang kumalma kung may nagsabi sa iyong maaaring anak ka ng iyong ina sa ibang lalaki?

Kaysa mag-hysteria sa loob ng restaurant ay pinili na lang niyang mag-walk out. Hindi siya sinundan pa ng binata.

Buong araw na halos catatonic siya sa loob ng *Phoenix*. Ngunit paano niya maiwawaksi sa isip niya ang mga sinabi sa kanya ng lalaking iyon?

Pero nagsasabi nga ba ito ng totoo? Walang nabanggit sa kanya ang kanyang ina tungkol sa nakaraan nitong relasyon. Hindi siya nagtanong ukol sa love life nito. Iniwasan niya ang issue na iyon noon dahil namalas niya ang hindi magandang samahan ng kanyang mga magulang.

---

Nang sumapit ang gabi ay pumaroon sa kanyang bahay si Traven. Kadarating niya lang galing *Phoenix*

at hindi pa siya nakakapagpalit ng pambahay.

Nagpakahinahon si Kendra. After all, she needed to know the truth. Maybe that was why she lost a big part of herself when her mother died. Kasama nitong nabaon ang ilang lihim tungkol sa pagkatao niya.

Pinatuloy niya ang lalaki. Bigla siyang dinapuan ng hiya nang maalalang hindi pa pala siya nakapaglinis ng bahay. Magulo ang kanyang sala. But she didn't bother to apologize for that. *Aba, pasensya siya!*

"Correct me if I'm wrong but you were born eight months after your parents' wedding, right?"

"Tama," matipid niyang sabi.

"Ang kuwento sa akin ng pamangkin ni Uncle Daisuke, he left your mom one month before she married your dad. It is possible that you were conceived nang hindi nila alam."

Gusto niyang hindi maniwala sa hypothesis ng kausap. But how could she explain the difference of her looks from her parents? Actually, siya lang ang naiiba ang hitsura sa magkabilang panig ng angkan na kinabibilangan niya. Damn! She never thought of that before. Maybe that was why her father hated her, too. Maybe he knew she was not his. Actually, noon pa ma'y malayo na ang loob niya rito. Hell,

she even felt she didn't belong to his crazy clan! She just thought she hated them, but no, ang pagkailang niya pala sa mga ito ay bunga ng kawalan ng lukso ng dugo, ng kawalan ng koneksyon. Dahil hindi niya kadugo ang mga Madrigal!

That also explained why her maternal grandparents seemed to hate her lalo na ng kanyang Lola Mercedes. Lagi siya nitong pinapalo kahit sa mumunting kasalanang nagawa niya. Naalala pa niyang pinaluhod siya nito noon sa bilaong may mga butil ng munggo nang gupitin niya ang laso ng bestidang bigay nito. Sa ayaw niya ng may ribbon ang damit, eh! Halos isumpa rin siya nito nang magtapos siya ng elementary at nagpasyang hindi na sa all-girls Catholic school ipagpapatuloy ang pagpasok sa mataas na paaralan. At hindi ganoon ang trato ng grandparents niya sa mga ibang pinsan niya. They adored all their grandchildren but her.

Alam ng lolo at lola niya na anak siya ng isang may dugong-Hapones! At iyon ang dahilan ng pagkamuhi sa kanya ng mga ito.

"I'm sorry kung nagiging makulit ako," ani Traven nang mapansing uneasy pa rin siya rito. "Pero puwede nating patunayan through paternity test kung tama nga ang hinala ko, Kendra."

May naalala siya. Nag-excuse siya saglit sa lalaki at pumasok sa kanyang kuwarto. Pagbalik niya ay ipinakita niya rito ang kinuha niya roon.

"Ibinigay ito sa akin ni Mama that day she died."

"Wow!" bulong nito habang masusing tinitingnan ang burda ng puting panyo. Pagkuwan ay dinukot nito ang wallet sa backpocket ng slacks at may nilabas itong isang ID doon saka ipinakita sa kanya.

"Dito ako nagtatrabaho," anito.

*Sakura Realty.* Ang building na nakita niya kamakailan lang.

"Uncle Daisuke used to be a part-owner of the business, pero ibinenta niya ang kanyang share sa kanyang kapatid nang umalis siya ng bansa. Siya rin ang nag-design ng logo na iyan, so malamang na sa kanya galing ang panyong iyan."

Matagal siyang nanahimik, malalim na nag-iisip. Marunong gumuhit si Daisuke? Baka  namana niya rito ang talento niyang iyon. Walang alam sa anumang sining sa pagguhit ang mga Navarro at Madrigal.

"Kendra," pukaw ni Traven, "I'm sorry kung nagiging makulit ako. Sa palagay ko lang kasi, wala

tayong dapat sayanging panahon. I want to take you to Japan to see him even for the last time. Que anak ka man o hindi ni Uncle Daisuke, ikaw lang ang pinakamalapit niyang koneksyon sa tanging babaeng minahal niya."

Napabuntong-hininga siya. Ngayon ay alam na niya kung bakit ibinigay sa kanya ng mama niya ang panyong iyon. Marahil ay nais nitong malaman niya balang araw ang tunay niyang pagkatao.

She could feel it now. She was not a Madrigal. She could be a Takamura.

# 4

Dinalaw si Kendra ng kaibigan niyang si January Manzano-Fuentes sa *Phoenix*. Kahit married na kay Harmon, may-ari ng isang pharmaceutical business at nasa medicine proper na ang kaibigan niya ay nag-e-effort pa rin itong isingit sa schedule ang bonding nilang dalawa.

Ibinalita niya rito ang natuklasan. At tulad ng kanyang inaasahan, hysterical ang kaibigan. Dito sila actually nagkakasundong dalawa—hindi sila nahihiyang magkalat kahit in public places.

"Oh, my God!" bulalas nitong hawak pa ang dibdib. "Sa tingin mo, tama si Traven sa assumption niya?"

Nagkibit-balikat siya. "I'm not sure yet but something is telling me that he could be right. I mean, just look at me, Jan. Do I look like my family at all?"

"Di ba noon ko pa sinasabi sa iyong nagtataka ako kung bakit ikaw lang ang singkit sa angkan mo?" natatawang sabi nito, pagkuwan ay sumeryoso ito. "What are you gonna do now?"

"Sasama ako kay Traven sa Nagoya."

Hindi niya alam kung gusto niyang komprontahin ang kanyang nagisnang ama tungkol sa issue na ito. Would he even care? Kahit kailan, bale-wala siya rito. Kapag may nagawa lamang siyang mali, doon ito nangingialam, sesermunan siya nang walang puknat. Kaya nga nagpapasalamat siya at iniwanan siya ng malaking pera ng mama niya. Pagkatapos ng college ay humiwalay na siya mula sa poder ng ama. She bought a small house, a used car at nagtayo ng negosyo.

Ayaw niya na ring tanungin pa ang kanyang Lola Mercedes tungkol sa natuklasan niya. The woman was too old to handle stress anymore.

She had to face this alone. Dahil natitiyak niyang malaking kaguluhan—o kahihiyan sa magkabilang panig ng kanyang pamilya kung malalaman nila ang lahat ng ito.

Tanghali nang pumaroon si Traven.

*He must be a very boring person*, she thought. Inisip niya kung ano kaya ang ginagawa nito sa buhay sa labas ng trabaho nito sa *Sakura Realty*. Base sa sinabi nito sa kanya at sa nakita niya sa employee ID nito, ito ang CEO ng malaking enterprise at on leave ngayon.

She wanted to laugh. On leave nga ang ungas, pero naka-business attire pa rin. What the heck?

Ipinakilala niya ang lalaki kay January. Mayamaya ay niyaya sila nito sa *Sbarro*.

Panay ang siko sa kanya ng kaibigan habang naglalakad sila patungo sa restaurant. “Gosh, Ken! Hindi mo sinabi sa akin na guwapo pala si Traven, ha?” kinikilig na bulong nito. “And, look!” Itinuro nito ang kaliwang kamay ng lalaki. “Walang singsing! That means, single pa siya!”

“Magtigil ka diyan, January!” pabulong na singhal niya.

Alam niya ang likaw ng bituka ng kaibigan. Gusto siya nitong ireto kay Traven. Fine, mahilig nga siya sa mga guwapo pero hindi niya type ang uri ng lalaking kasabay nila sa paglalakad ngayon. She really found him conventional and boring. Ang type niyang guys ay mga rugged and wild, iyong tipong bikers o rockers. Iyong mga tipong wild, free and spontaneous. Isa pa, malabo namang magustuhan nito ang tipo niya. They were completely different from each other.

Tumingin siya sa lalaki. He was walking in front of her, maybe three giant steps away. Bakit ba tila

laging nagmamadali ang ungas na ito?

Panay pa rin ang sundot ni January sa kanyang tuhod at hita habang magkatabi silang kumakain sa mesa. Ginagantihan naman niya ito ng mahihinang pag-apak sa paa.

Gaga talaga kahit kailan ang kaibigan niya! Palibhasa, hopeless romantic. Mula nang ikasal ito ay panay na ang kakukulit sa kanya na maghanap ng boyfriend. Masarap daw kasi ang buhay-may-asawa.

Marriage. Darating pa ba ang araw na ikakasal din siya? She hated weddings. She hated the formalities and all the hoopla that came along with it. Kung di pa siya halos iyakan noon ni January, nunca siyang papayag na maging maid of honor nito.

Imagining herself wearing a white wedding dress and flowers in her hair kind of gave her the creeps.

"We can schedule a flight for Nagoya anytime now," ani Traven sa gitna ng pagkain. "Wala tayong dapat sayanging panahon, Kendra. We can do the DNA testing while we're there."

---

Katatapos lang mag-impake ni Traven para sa biyahe nila ni Kendra papuntang Japan nang naisipan

niyang tawagan ang babae.

"Napatawag ka?" bungad nito matapos niyang sagutin ang 'hello' nito.

"Ah, yes. Invite sana kita mag-coffee kung okay lang sa 'yo."

Natahimik ang babae sa kabilang linya.

"Oh!" Napakamot siya sa batok. "It's not a date. I mean, I just want to tell you more about Daisuke Takamura. Well, if you're not busy today."

"Bakit ko namang iisiping gusto mo akong i-date?" Naramdaman ni Traven ang irritation sa boses nito.

"Nasa *Phoenix* ka na ba?" tanong niya na lang.

"No. Mamayang tanghali pa ako pupunta doon. Kita na lang tayo sa *Starbucks* dito sa Binondo."

"Okay."

Pero nagulat siya pagdating niya sa sinabi nitong tagpuan nila. Hindi niya kaagad nahanap doon ang babae. He was about to call her on his cellphone nang matanaw niya ang isang babaeng tumayo mula sa isang mesa sa sulok, larawan ng pagkainip ang mukha. She raised her hands in mid-air like saying

*Duh, ano pa'ng hinihintay mo diyan?*

Kendra was wearing a Sunday dress. It was a light pink flowing dress na may malalaking prints ng lavender roses. Wala rin itong makeup sa mukha.

Napakaganda pala nito!

Nang namaywang ito ay saka niya inihakbang ang mga paa palapit dito.

"Sorry, di lang kita agad nakilala," aniya pagkalapit.

Hindi niya napigilan ang muling tumingin sa kabuuan nito. *She looks so pretty and dainty and sweet…*

Pumitik ang mga daliri nito sa harapan ng mukha niya. "Earth calling Traven!"

Para naman siyang nahimasmasan.

"Ano ba'ng nangyayari sa 'yo?"

Naupo na siya. "Uh, nothing." Hindi na niya matandaan kung kailan siya huling humanga sa kagandahan ng isang babae. At hindi siya basta-basta natu-turn on nang ganoon-ganoon lang. Mataas ang standards niya pagdating sa kagandahan. "Bakit ka nandito sa Binondo?" usisa niya.

"Nagsimba ako. Dito kami noon madalas magsimba ni Mama."

"Nagsimba ka?"

Umangat ang isang sulok ng bibig nito. "O, ano'ng nakakagulat doon? Bakit, inakala mo bang satanista o mangkukulam ako dahil puro mga itim ang suot ko?"

Pinigil niya ang matawa. "Hindi naman sa ganoon."

Hindi niya inakalang may sa mangkukulam si Kendra. He just found her weird at first dahil sa kakatwang get-ups at sa negosyo nito. Actually, hindi niya talaga alam ang iisipin tungkol dito.

"You look nice, by the way," hindi na niya napigilang sabihin. Nahiya siyang sabihing 'beautiful' instead of 'nice.'

"Thank you," kaswal lang na sagot nito saka sinundan ng higop ng kape.

---

"What?" iritadong sita ni Kendra kay Traven nang hindi na siya makapagpigil. Kanina pa ito tingin nang tingin sa kanya habang sakay sila ng eroplano.

“Do you really have to look like that?” balik nito.

Exasperated na nagbuga siya ng hangin. Ano ang masama sa suot niya ngayon? Denim miniskirt na tastas ang laylayan, black leggings na sinadyang butas-butas, dark green vest na may palamuting black sequins at black shirt na may three-fourth sleeves. Dark green din ang kulay ng *Chuck Taylor* shoes niya. Sari-sari ang suot niyang bracelets sa kaliwang kamay at mayroong isang napakalaking turquoise ring sa kanyang palasingsingan.

Kinulot niya kaninang umaga ang buhok sa pamamagitan ng curling iron dahil ayaw niyang maya’t maya ay ayusin ito sa gitna ng biyahe. Nag-apply rin siya ng makeup para hindi naman makintab ang mukha niya paglapag niya sa Nagoya.

“Mas maganda ka noong nakabestida ka lang,” hirit pa nito na lalong nagpainis sa kanya.

Tama nga siya sa impression niya sa ungas na ito. Masyado itong conventional.

“Look, hindi ako magsisimba ngayon, okay? Wala akong pakialam kung ma-shock man sa akin ang mga Takamura na ‘yan.” Isa pa, sigurado siyang napaka-tamed ng get-ups niya kung ikukumpara sa mga suot ng fashionista wannabes sa Tokyo street fashion.

"Sinasabi ko lang," anito, sabay kibit-balikat.

*Pakialamero!*

Naisipan niyang gumanti. "Ikaw, business ba ang pakay mo sa Nagoya at kuntodo necktie ka pa? Akala ko ba on leave ka?" Masyado yatang workaholic ang ungas. Noong nasa *Starbucks* sila ay may dala-dala itong netbook at hindi niya alam kung ano ang pinaggagagagawa nito roon habang kausap siya. The man was too oblivious to his surroundings! Ni hindi ito sumusulyap sa labas ng bintana ng eroplano para panoorin ang magagandang ulap!

Umasim ang hilatsa ng mukha nito. "Well, sa ganito talaga ang suot ko pag sumasakay ako sa first class." Halata niyang pigil nito ang pagkapikon. Ibinalik nito ang atensyon sa ginagawa sa netbook.

"Palit kaya tayo ng upuan?" mayamaya ay hindi niya napigilang sabihin.

"Bakit?" usisa nito na sa netbook lang nakatingin. He was working on some *Excel* document.

"Sayang kasi ang view sa labas ng bintanang katabi mo, hindi mo naman pinapansin."

"Ano'ng makikita mo diyan? Mga ulap?" Ni hindi ito sumulyap man lang sa labas ng bintana.

"Exactly. White puffy clouds that are so heavenly and majestic."

"They're just bunch of visible mass of droplets of water being suspended in the atmosphere," malamyang sabi nito.

Sunod-sunod siyang napailing. Wala nga talagang pakialam sa paligid ang ungas na ito. She wondered if he even take time to stop to take a breath of fresh air or pick a wild flower or walk barefoot in the sand.

A workaholic. Ito iyong laging nagmamadali sa buhay, nakikipagkarerahan sa orasan. At hindi marunong tumingin sa magagandang bagay sa labas ng trabaho. May panahon pa kaya ang kagaya nito sa mga babae?

Sayang naman ang kaguwapuhan ni Traven. Nabuburo na lamang sa trabaho. Kailangang maikalat ang lahi nito para dumami ang guwapo sa mundo!

Mayamaya ay kinalas nito ang seatbelt at tumayo. "Here, you can take the window seat," anito.

Ngumiti siya at kaagad na hinawakan ang seatbelt. Ngunit hindi niya matanggal iyon.

Pilyong ngumiti ito. "First time mo?" biro nito at yumuko upang kalasin ang seatbelt.

Napigil ni Kendra ang hininga nang halos magdikit ang mga mukha nila.

“There you go,” anito, inalalayan pa siyang tumayo.

“Thank you,” she said, trying to conceal her restlessness.